## MODULE 6.7

# CURRICULUM AND INSTRUCTION: EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA AT EDUKASYONG PAGPAPAKATAO

# PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

*Teacher Induction Program*

**Teacher Education Council, Department of Education**

# PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

Maligayang pagbati sa iyong pagtatapos ng Modyul na ito. Sa wakas ay nabigyan mo ang iyong sarili ng pagkakataong mapatatag ang iyong kaalaman at kasanayan tungkol sa pagtuturo ng Edukasyon sa Pagpapahalaga at Edukasyon sa Pagpapakatao. Inaasahang ikaw ay higit nang may tiwala sa sarili sa pagharap sa iyong mga mag-aaral pagkatapos kang matuto sa mga aralin sa Modyul na ito.

Sa pagbabalik-tanaw ng iyong mga natutuhan sa mga nakaraang aralin ng Modyul, inaasahan ngayon na maipaliliwanag mo nang mahusay ang pilosopiya at batayan ng pagtuturo ng pagpapahalaga, ang kalikasan ng tao at ang proseso ng kanyang pagpapahalaga. Handa ka ring humarap sa mga pagkakataong higit mong malinang ang epektibong kaugnayan sa sarili, kapwa, bayan at sa Diyos. May tiwala ka ring gamitin ang mga estratehiya sa pagtuturo ng pagpapahalaga at pagsasanib nito sa iba't ibang aralin at mga estratehiya para sa mga gawaing nagpapahalaga sa pagkatuto ng mga bata sa isang "child-friendly school system."

Ngayon ay handa mo nang tayain kung gaano kahusay ang iyong pagkatuto sa mga aralin sa Modyul na ito. Ang pagtatayang ito ay maging bahagi ng iyong portfolio para sa iyong paglago bilang guro sa paggagabay ng iyong Punong-guro.

Narito ang kabuuan ng mga iskor at kahulugan ng iyong magiging iskor sa pangwakas na pagsusulit. Ang Susi ng Pagwawasto ay nakahiwalay dito.

### Kabuuan ng mga Iskor

| | |
|---|---|
| A. | 31 points |
| B. | 10 points |
| C. 1 | 20 points |
| C. 2 | 20 points |
| C. 3 | 20 points |
| Total | 101 points |

### Kahulugan ng Iskor

90-101 - Magaling na magaling ka, ikaw ay handang-handa na sa pagtuturo ng pagpapahalaga.

70-89 - Magaling ka, mayroon ka nang sapat na kahandaan sa pagtuturo ng pagpapahalaga.

50 – 69 Meron kang kailangan pang pag-aralang mabuti sa ilang mga aralin.

35 - 49 Kailangan mong masusing pag-aralan ulit ang mga aralin.

A. Mga Konsepto ng Pagpapahalaga: Isulat ang **T** kung ang konsepto ay tama at **M** kapag ito naman ay mali. Kung mali ang konsepto, isulat kung bakit ito mali sa mga patlang.

_____1. Ang tao ay pinakbuklod na katawan at espiritu.

________________________________________________

_____2. Ang moral na katangian ng tao ay naipakikita sa kanyang pakikipagkapwa.

________________________________________________

_____3. Ang batayang moral ng gawa ng tao ay ang sarili niyang binalangkas na pamantayan.

________________________________________________

_____4. Ang panimula (preamble) ng ating Saligang Batas ay nagsasaad ng pinaka-pangunahing batayan ng pagtuturo ng pagpapahalaga sa ating mga paaralan.

________________________________________________

_____5. Ang dignidad ng tao ay nawawala kapag siya ay naghirap sa buhay.

________________________________________________

_____6. Ayon sa pilosopiyang humanistic, mararating ng tao ang kanyang kaganapan kapag siya ay nagpakabuti.

________________________________________________

_____7. Ang core value na “love and goodness” ang pinakaubod ng mga pagpahalaga ayon sa pilosopiyang humanistic.

______________________________________________________________

_____8. Ang pagtuturo ng pagpapahalaga ay nakabatay sa Kristiyano o Muslim na paniniwala dahil halos lahat ng mga mag-aaral ay Kristiyano at Muslim.

______________________________________________________________

_____9. Ang mga pagpapahalaga ay iba iba ayon sa lahi o kultura kaya walang maaaring iisang batayan para sa lahat ng tao.

______________________________________________________________

_____10. Sa proseso ng pagpapahalaga, kinakailangan magkatugma ang pamimili, pagtatangi at pagkilos.

______________________________________________________________

_____11. Ang pakultad na ikinaangat ng tao sa ibang nilalang gaya ng mga hayop ay ang kanyang pagkaroon ng iba’t ibang emosyon.

______________________________________________________________

_____12. Ang mga ganap na pagpapahalagang moral ay pang-unibersal gaya ng kalayaan, kapayapaan, pagmamahalan at katarungan.

______________________________________________________________

_____13. Ang pagpapasya ay nangangailangan ng matalinong pamimili kaya kailangan ang impluwensya ng mga matatanda at marurunong sa lipunan.

______________________________________________________

_____14. Ang paniniwala, damdamin at kilos ng isang tao ang mahahalagang elemento ng kanyang pagpapahalaga sapagkat ang mga ito ang nagpapahayag ng kanyang pagkatao.

______________________________________________________

_____15. Ang pagpapahalaga ay apektibo at wala itong kognitibong komponent.

______________________________________________________

_____16. Ang mga moral na pagpapahalaga ay naiiba sa mga kultural na pagpapahalaga sapagkat ang mga moral na pagpapahalaga ay nagbabago sa iba't ibang panahon.

______________________________________________________

_____17. Ang taong moral ay kumikilos ayon sa dapat na mangyari at anong dapat na gagawin.

______________________________________________________

_____18. Ang pag-unawa sa konsepto ng pagpapahalaga ay kognitibong aspekto ng pagtuturo ng pagpapahalaga.

______________________________________________________

_____19. Ang mga pagpapahalaga ay hindi nagbabago.

______________________________________________

_____20. Ang DepEd Values Education Framework ay tumutukoy sa paaralan na siyang sentro ng paksa at layunin sa pagtuturo ng pagpapahalaga.

______________________________________________

B. Paggamit ng Estratehiya: Bumalangkas ng gawain para sa bawat bahagi ng aralin .

1. Gawaing pang-indibidwal para sa pagsusuri ng sariling kalakasan at kahinaan
2. Gawaing pang-indibidwal para sa pagkatuto ng pagiging matapat sa mga alituntunin sa pamayanan.
3. Gawaing pampangkatan para sa pagtuturo ng pagtulong sa mga nagangailangan
4. Gawaing pandalawahan para sa pagkatuto ng pagiging mapagkapwa
5. Gawaing pantatluhan para sa pagpapaunlad ng ispiritwal na buhay

C. Kakayahan sa Pagtataya

Sa pamamagitan ng isang rubrics, tayain ang mga iyong pagkatuto sa Modyul na ito sa tatlong aspeto: Kognitibo, Apektibo at Pagkilos. Gamitin ang tsart sa ibaba:

1. Kognitibong Pagkatuto

| Mga Pamantayan / Mga Paksa | 4<br>Lubos na maliwanag ang pagkaunawa sa mga konsepto at alam ko kung paano mailalapat ito sa pagtuturo ng EP | 3<br>Maliwanag ang pagkaunawa sa mga konsepto at maaaring matalakay ko ito na mag-isa sa anumang pagkakataon | 2<br>Maliwanag ang pagkaunawa sa mga konsepto pero kailangan ko lang mabalik-aralan ang mga ito | 1<br>Di- lubos na maliwanag ang pag-unawa sa mga konsepto at kailangang maipaliwanag ito sa akin ng ibang guro |
|---|---|---|---|---|
| A. Mga Batayan ng EP | | | | |
| B. Pilosopiya ng Tao | | | | |
| C. Proseso ng Pagpapahalaga | | | | |
| D. Estratehiya ng Pagtuturo | | | | |
| E. Pagtataya | | | | |

2. Apektibong Pagkatuto

| *Mga Pamantayan* / Mga Apektibong Pagkatuto | 4<br>Lubos na lubos ang pagpapahalaga at gustong-gusto nang mailapat ang pagkatuto | 3<br>Lubos ang pagpapahalaga at maghihintay ako ng pagkakataong magamit ang mga pagkatuto | 2<br>Di-lubos ang pagpapahalaga ngunit susubukan kong mailapat ang mga pagkatuto | 1<br>Di-lubos ang pagpapahalaga at baka hindi ako makakapagturo ng pagpapahalaga |
|---|---|---|---|---|
| A. Kawilihan sa Pagkatuto | | | | |
| B. Pagsang-ayon sa mga layunin ng Modyul | | | | |
| C. Pagtatangi sa mga estratehiyang ginamit | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| D. Pagkabukas ng kaisipan sa mga bagong natutuhan | | | | |
| E. Komitment sa paglalapat ng pagkatuto sa pagtuturo | | | | |

3. Pagsakilos na Pagkatuto

Ikaw ngayon ang gumawa ng isang rubrics na gagamitin mo sa pagtaya sa pagkatuto mo sa pagsakilos na aspekto.